



Mga Kautusan sa Pagprotekta Laban sa Matinding Panganib (ERPO)

Kung ikaw ay nag-uulat ng emergency, tumawag sa 911.

Nagbibigay- daan ang Mga Kautusan sa Pagprotekta Laban sa Matinding Panganib (ERPO) sa mga pamilya, miyembro ng sambahayan, at nagpapatupad ng batas na makapagpetisyon sa korte para pigilan ang pagbili o pag-aari ng mga baril ng isang taong nakararanas ng krisis sa pag-iisip. Sinusuri ng isang korte ang bawat petisyon ng ERPO para alamin kung ang taong tinutukoy sa petisyon ay nagpakita ng marahas na asal o mga pagbabantang saktan ang kanyang sarili o ang ibang tao.

Available ang Mga Kautusan sa Pagprotekta Laban sa Matinding Panganib sa buong estado at hindi limitado sa Seattle ang mga ito.

Ano ang magagawa ng Kautusan sa Pagprotekta Laban sa Matinding Panganib?

Binibigyan ng direktiba ng Kautusan sa Pagprotekta Laban sa Matinding Panganib ang isang tao na isuko ang kaniyang mga baril. Magiging ilegal ang pagbili o pagmamay-ari ng mga baril. Pinipigilan din nito ang tao na magkaroon ng lisensya para sa pagkukubli ng baril at inuutusan siya nitong isuko ang lisensya kung mayroon na siya.

Kanino ito pinapataw?

Maaari itong ipataw sa isang taong maaaring magdulot ng panganib sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinsala sa sarili o sa ibang tao dahil sa pagmamay-ari ng mga baril. Kabilang sa mga salik na nagpapakita ng panganib na ito ang marahas na gawi, mga banta ng pananakit sa sarili, mapanganib na krisis sa pag-iisip, at sobrang paggamit ng droga o pag-inom ng alak. Tinatawag na akusado ang taong pinaparatangang mapanganib.

Sino ang pwedeng humiling ng kautusan?

Maaaring ng miyembro ng pamilya o sambahayan, o ng opisyal o ahensiya ng nagpapatupad ng batas sa korte na maghain ng kautusan sa pamamagitan ng pagsusumite ng petisyon. Tinutukoy na "nagpetisyon" ang taong humiling ng kautusan. Inilalarawan ng batas ang isang miyembro ng pamilya o sambahayan bilang:

- taong may kaugnayan sa akusado sa pamamagitan ng pagiging kadugo, pagpapakasal, o pag-ampon;
- nobyo o nobya ng akusado;
- kapwa magulang ng akusado, kasal man siya sa akusado o nagsama silang manirahan kailanman;
- taong naninirahan o nanirahan kasama ng akusado sa loob ng nakaraang taon;
- kinakasama ng akusado;
- taong may biological o legal na ugnayan sa akusado bilang magulang o anak, kabilang ang mga stepparent at stepchild, at lolo, lola, o apo, o;
- taong nagsisilbi o nagsilbi bilang legal na tagapangalaga ng akusado.

Kung wala kang kaugnayan, o hindi ka komportableng humiling ng kautusan sa korte, maaaring ipaalam ang sitwasyon sa pulisya at tutulong sila sa proseso.

Paano ako makahihiling ng ERPO?

Mag-email sa ERPO@kingcounty.gov kung saan ang mga tagapagtaguyod at tauhan ay maaaring makausap sa loob ng oras ng trabaho **Lunes-Biyernes** para magbigay ng tulong, kasama dito ang pag-refer sa angkop na ahensiyang nagpapatupad ng batas. (Maaari kang magpadala ng email sa iyong sariling wika.)

Kung gusto mong humiling ng ERPO, inirerekomenda ng mga tagapagtaguyod na magkaroon ka ng plano para sa iyong kaligtasan. Pag-isipang makipag-ugnayan sa isa sa mga organisasyong nonprofit na nakabase sa komunidad para sa karagdagang impormasyon:

- [API Chaya: \(877\) 922-4292](tel:(877)922-4292)
- [Asian Counseling and Referral Service: \(206\) 695-7600](tel:(206)695-7600)
- [Consejo: \(206\) 461-4880](tel:(206)461-4880)

- [Refuge Women's Alliance \(ReWA\)](#): (206) 721-0243

I-download at sagutan ang form (nasa wikang Ingles lamang) para sa ERPO [dito](#).

Mayroon pa akong mga tanong.

Para sa mga sagot sa mga karaniwang tanong tungkol sa mga ERPO, maaaring bumisita sa [Protectionorder.org ERPO FAQ](#) (makukuha lamang ang impormasyon sa wikang Ingles).

May impormasyon kung paano gamitin ang Mga Kautusan sa Pagprotekta Laban sa Matinding Panganib sa Estado ng Washington para sa mga nagpetisyon, akusado, at pangkalahatang publiko sa website na ito.

Mga Sanggunian ng ERPO.

[Washingtonlawhelp.org](#) - gabay sa mga libreng serbisyong legal para sa mga taong mababa ang kita at para sa mga nakakatanda